ANG TUNAY NA KAPANGANAKANG MULI

Sinulat ni PASTOR DANNY MUNSAYAC



Ano po ba ang ibig sabihin ng "Born Again" o Kapanganakang Muli?
Sinabi ng ating Panginoong Hesukristo sa Juan 3:3,5 ang ganito:

"Katotohanang, katotohanang sinasabi ko sa iyo, na maliban na ang isang tao ay ipanganak na muli, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos."
"Katotohanang, katotohanang sinasabi ko sa iyo, na maliban na ang isang tao ay ipanganak sa tubig at sa Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos."

Maliwanag sa sinabi ng ating Panginoong Hesus na maliban na ang isang tao ay ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos at malibang ipanganak siya sa tubig at sa Espiritu ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos.

Ang kaganapan ng mga utos na ito ng ating Panginoong Hesukristo ay mababasa natin sa aklat ng Mga Gawa.

1. Unang Naganap sa mga Hudyo na nasa Jerusalem noong Araw ng Pentecostes sa Pangunguna ni Apostol Pedro:
"At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Hesukristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng spiritu Santo."
"Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa. " (Gawa 2:38, 41)

2. Naganap din sa mga Taga Samaria sa Pamamagitan ng Ebanghelistang si Felipe at Sina Apostol Pedro at Juan:
"Datapwat nang magsipaniwala kay Felipe na nangangaral ng mabuting balita tungkol sa kaharian ng Diyos at sa pangalan ni Hesukristo, ay nangabautismuhan ang mga lalake't mga babae. Sapagkat ito'y hindi pa bumababa sa kanino man sa kanila: kundi sila'y nangabautismuhan lamang sa pangalan ng Panginoong Hesus. Nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang kanilang mga kamay at kanilang tinanggap ang Espiritu Santo." Mga Gawa 8:16,17

3. Naganap din sa mga Hentil sa Pamamagitan ni Apostol Pedro:

“Mangyari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin? At inutusan niya sila na magpabautismo sa pangalan ni Hesukristo. Nang magkagayo’y kanilang ipinamanhik sa kaniya na matirang mga ilang araw.” (Gawa 10:47- 48)

4. Naganap din sa mga Dating Alagad ni Juan Bautista sa Efeso sa Pamamagitan ni Apostol Pablo:
“At nang kanilang marinig ito, ay nangagpabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Hesus. At nang maipatong na ni Pablo ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo. At sila’y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula. ” (Mga Gawa 19:5-6)
Maliwanag na itinuturo sa atin ng Salita ng Diyos na ang kapanganakang sa TUBIG at sa ESPIRITU sa PANGALAN NI HESUKRISTO na siyang kaganapan ng Mateo 28:19, at ang bautismo ng ESPIRITU SANTO na nagsasalita ng mga wika sang-ayon sa ipinagkaloob ng Espiritung salitain. Ito ang tunay na kapanganakang muli na karanasan ng mga Apostol at ng unang Iglesia ng ating Panginoong Hesukristo na siya ring Iglesia ng Diyos.